# Pambungad sa Pilosopiya ng Tao

## Talaan ng mga Gawain

(Unang Kwarter)

Department of Education
June 2016

**MGA ARALIN SA PAMBUNGAD SA PILOSOPIYA NG TAO**

**(Baitang 11 ng Senior High School)**

## ARALIN 1 - PAMIMILOSOPIYA

| Pamantayang Pangnilalaman | Pamantayan sa Pagganap |
|---|---|
| Nakapagpapamalas ang mag-aaral ng pag-unawa sa gawain ng pamimilosopiya. | Nakapagmumuni-muni ang mag-aaral sa isang suliranin sa pilosopikong paraan. |

**Mga Layunin sa Pampagkatuto**: Sa katapusan ng aralin, inaasahang maipamamalas ng mga mag-aaral ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

1. Nakikilala ang pagkakaiba ng pangkabuuang pananaw mula sa pananaw ng mga bahagi lamang (Code: PPT11/12PP-Ia-1.1)
2. Natatasa kung napagmunihan ng isang tao ang kaniyang ginawa sa isang sitwasyon (Code: PPT11/12PP-Ib-1.2)
3. Nahihinuha na mahalaga ang pamimilosopiya upang magkaroon ng malawakang pananaw sa buhay (Code: PPT11/12PP-Ib-1.3)
4. Nakapagmumuni-muni sa isang suliranin sa isang pilosopikong paraan at nakagagawa ng pamimilosopiya sa buhay (Code: PPT11/12PP-Ic-1.4)

**Plano ng Pagtuturo-Pagkatuto:**

**A. Pagtuklas ng Dating Kaalaman**

1. Batiin ang mga mag-aaral.
2. Ipagawa ang **Gawain 1: Think-Pair-Share**.
   a. Ipasagot sa bawat mag-aaral ang tanong na: Ano ang narinig mo tungkol sa pilosopya?
   b. Ipasulat ang kanilang sagot sa kuwaderno.
   c. Pagbabahagi ng bawat mag-aaral ang kaniyang sagot sa kaniyang katabi. Pagkatapos ng dalawang minuto, yun namang katabi ang magbabahagi.
   d. Pumili ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sagot sa klase.
3. Isulat sa pisara ang mga sagot at gumawa ng buod ng mga ito.
4. Tanungin ang klase:
   a. Saan o kanino ninyo natutuhan ang alam ninyo tungkol sa pilosopiya?
   b. Ano ang pagkakaunawa ninyo sa pamimilosopiya? Magbigay ng halimbawa.
   c. Saan ginagamit ang pilosopiya?
5. Idirekta ang talakayan sa salitang pagmamahal. Tanungin sila: Paano ka nagsimulang mahalin ang iyong kaibigan?

   <u>Mga Inaasahang Sagot:</u>

   a. Una, nagkakilala kami.

   - Nagkasama kami sa isang gawain sa klase
   - Nakatabi ko sa youth camp, jeep, klase
   - Suki ng nanay ko ang nanay niya sa palengke

b. Tapos, lagi kaming nagbabatian at nagkasama sa isang gawain sa paaralan o baranggay.

c. Sa pagkikita at pagsasama namin, nagbahaginan ng mga interes, paboritong telenobela, paboritong aklat, asignatura, guro .. . Hanggang nagkabahaginan ng problema.

d. May pagmamalasakit na kami sa isa't isa.

6. Lagumin ang mga ibinahagi ng klase tungkol sa pagmamahal. Pagkatapos, sabihin: Ganito rin ang pilosopiya. Galing ito sa salitang Griyegong *philo, philein* o pagmamahal at sophia o *karunungan.* Kaya ang pilosopiya ay *pagmamahal sa karunungan*. Ang pagmamahal na ito ay kailangang paunlarin. Kaya tulad ng pagmamahal sa kaibigan, mahalagang gumawa ng angkop na kilos upang palaguin ang karunungan.
7. Pagkatapos, itanong: Bilang pagmamahal sa karunungan, may hangganan ba ang pagmamahal?

**B. Paglinang ng Kaalaman, Kakayahan at Pag-unawa**

1. Balikan ang talakayan sa pagmamahal sa kaibigan.
2. Magpakita ng mga larawan ng magkaibigan, magkabarkada o magkasintahan.
3. Banggitin ang ilang ibinahagi kung paano umusbong ang pagmamahalan sa kaibigan.
4. Itanong sa klase: Ano ang mabubuod ninyo sa pagkakaibigan?
5. Isulat sa pisara ang ilang sagot.
6. Sikaping ipalabas o ipahinuha (*infer*) ang sumusunod:
   a. Basta nangyayari ang pakikipagkaibigan kahit hindi mo planuhin ito.
   b. Hindi madaling tukuyin kung kailan nagsimula ang pakikipagkaibigan.
   c. Sa pagtugon sa pagkalinga o pagmamalasakit ng kakilala, lumalago ang isang ugnayan nang hindi namamalayan – hanggang humantong sa pakikipagkaibigan.
   d. May aspekto ng pagpapasiya ang pakikipagkaibigan. Kung nagustuhan mo ang kaniyang ugali o pareho ang inyong hilig o magkahawig ang inyong pananaw sa buhay, magpapasiya kang ituloy ang inyong ugnayan.
7. Ihambing ang pagkakaibigan sa pamimilosopiya bilang *pagmamahal sa karunungan*. Tinatawag na pilosopo ang nagnanais na magtamo ng karunungan.
8. Itanong: Paano umuusbong ang pagmamahal sa karunungan? Ang isang taong maraming alam ay masasabi bang marunong? Ibahagi ang pananaw ng tatlong mag-aaral dito.

**C. Pagpapalalim**

1. Tutukan ang ikalawang tanong sa Bilang 8. Sabihin: Hindi pareho ang kaalaman sa karunungan. Hindi maaaring tawaging marunong ang taong maraming alam. Mas malawak ang sakop ng karunungan. Napapaloob lamang sa karunungan ang kaalaman.
2. Ipakilala ang tradisyunal na depinisyon ng pilosopiya: agham na tumatalakay sa pinakahuling sanhi ng mga bagay sa pamamagitan lamang ng liwanang ng talino.

<u>Ipaliwanag ang depinisyong ito:</u>

Halimbawa: Tuwing tag-init, alam ng hardinero na uusbong ang mga napakagandang bulaklak na dilaw na Golden Showers, ngunit hindi niya inaalam ang dahilan kung bakit may ganitong katangian ang mga bulaklak na ito. May ganitong alam din ang marunong na tao, ngunit may higit siyang alam – ang bakit ng mga bagay.

**Sabihin**: Siguradong palatanong kayo noong bata pa kayo. Hindi ba mahirap sagutin ang ilan ninyong tanong? Kailangan ang malalimang pag-aaral upang masagot ang mga bakit ninyo noong bata pa kayo.

Ganyan ang gawain ng pilosopo. Kailangang dumating siya sa sagot ng pinakahuling bakit upang magkaroon siya ng kaganapan. Kailangang tuklasin niya ang hangganan ng isip. Tinutuklas ng hangganang ito ang bakit ng mga bagay o ang pinakawakas na sanhi ng mga ito. Ang kaniyang isip o talino ang ginagamit niya upang tuklasin ang bakit ng mga bagay. Nakabatay sa tanong na ito ang lahat ng mga nangyayari sa agham, sining, industriya o pamahalaan. Mahalagang sagutin ang tanong na bakit upang mapagaan o mapadali ang mga sagot sa tanong na ano, sino, saan, kalian, paano. Halimbawa, kung malinaw na sa iyo kung bakit gusto mong maging guro, madali mo ng matutukoy ang mga sagot sa tanong na ano, sino, saan, kalian, paano. ... Kaya mahalaga ang gawi (habit) ng pagtatanong.

3. Itanong muli: Paano uusbong ang pagmamahal sa karunungan? Ano ang katangian ng pamimilosopiya bilang pagmamahal sa karunungan?

Lagumin ang mga sagot ng mag-aaral. Pagkatapos, bigyang-diin ang sumusunod:

a. Tulad ng pakikipagkaibigan, natutuhan ang depinisyon ng pilosopiya (bilang pagmamahal sa karunungan) habang ginagawa ang pamimilosopiya.

b. Tulad ng pakikipagkaibigan, nagsisimula ang pamimilosopiya sa pagiging bukas sa karanasan araw-araw at sa pagmumuni sa karanasang ito. Dito maglilinaw ang kahulugan ng karanasang ito sa kaniyang buhay. Makikita rito ang dalawang kilos ng pamimilosopiya – ang pagiging bukas sa epekto sa sarili ng karanasan at pagmumuni rito.

c. Sa pakikipagkaibigan, nagkakaroon ka ng interes na makilala ang kaibigan nang higit. Ang mayroon kang kaunting alam tungkol sa kaniya, gusto mong madagdagan. Gusto mong palaguin ang mayroon kang alam. Tinawag ng pilosopong Roque Ferriols ang mayroong ito na “meron” – ibig sabihin, nangyayari ang isang bagay. Pag-iral ang ibig sabihin ng “may” samantalang isang takdang lugar naman ang “roon” o “doon”. Halimbawa, mayroon akong sorpresa. Mayroon siyang binuong awit. Pinaikling “mayroon” din ang meron – “Meron akong sorpresa.” “Meron siyang binuong awit.”

Nagdagdag pa si Ferriols ng mas malalim na kahulugan sa meron – ang pag-iral. Ang pahayag na “Ang awit ay meron” ay tumutukoy sa pagiging meron ng awit. Nagpamalas ang meron (o pag-iral) bilang awit.

4. Ipaliwanag ang konsepto ng meron bilang pangngalan, pandiwa, pang-uri at kumakatawan sa lahat (Sumangguni sa aklat ni Roque Ferriols, S. J., Pambungad sa Metapisika. Quezon City: Office of Reserach and Publications, 1991).

5. Ipagawa ang **Gawain 2: Paggupit ng isang hugis bilang paglalarawan ng meron.** (Layunin nito na mahinuha ng mga mag-aaral ang mga katangian ng meron bilang kumakatawan sa pag-iral).
   a. Pagupitin ang bawat mag-aaral ng anumang hugis na gusto nila.
   b. Itanong: Paano ipaliliwanag ang meron gamit ang papel at gunting?

**Narito ang dapat lumabas sa talakayan:**

Mga ginamit sa pagbuo ng hugis:

a. Sinisimbolo ng papel at gunting ang meron.
b. Meron din ang bawat hugis na nabuo.

Ang mga taong nakatulong sa pagbuo ng hugis at kapaligiran o konteksto ng pagbuo nito:

a. Meron din ang desk o mesa kung saan ginupit ang hugis.
b. Meron din ang mag-aaral na bumuo ng pigura.
c. Ang guro na nagpadaloy ng gawain ay meron.
d. Ang lahat na gamit sa paligid ay meron.
e. Naisagawa ang gawain dahil sa meron.

6. Ipagawa ang **Gawain 3: Pagluluto ng espesyal na ulam.**
   a. Magpaluto ng ulam na espesyal sa kanilang pamilya o partikular sa kanilang probinsya (hal., sinigang). (Paalala: Mahalaga ang koordinasyon sa ibang guro kung gagawin ito sa paaralan.)

7. Pagkatapos ng pagluluto, itanong:
   a. May kaugnayan ba ang pagluluto ng ulam sa pamimilosopiya? Patunayan.
   b. Ano-ano ang mahihinuha sa karanasan ng pagluluto ng ulam?

Narito ang dapat lumabas sa talakayan:

a. Kailangan ang pagdanas sa pagluluto. Kailangang pagdaanan ang mga prosesong ito:
   - Pagpapasiya ng ulam na lulutuin
   - Pagtukoy ng mga lahok (ingredients)
   - Pamamalengke (kasama ang pagkilala ng sariwang lahok sa hindi)
   - Aktuwal na pagluluto

b. Iba pala ang pagdanas ng pagluluto kaysa kakainin lamang ang ulam.
c. Tulad ng pamimilosopiya, kailangan ang pagdanas ng karanasan upang magkaroon ng pagkamalay (awareness) tungo sa pagkakaroon ng karunungan.

**D. Pagsasabuhay**

1. Ipagawa ang **Gawain 4: Ano Ang mga Dapat Kong Ipagpasalamat?**
2. Maaaring naisagawa na nila ang pagmumuni sa isang tahimik na lugar tulad ng ilalim ng puno o silid-aklatan. Ipasagot sa journal ang sumusunod:
   a. Ano-ano sa mga nangyari kahapon ang dapat kong ipagpasalamat? Sino-sino ang dapat kong pasalamatan at bakit?
   b. Alin sa mga nangyari kahapon ang nais kong baguhin o ipagpatuloy? Paano ko isasagawa ito?

Narito ang dapat lumabas sa talakayan pagkatapos ng bahaginan:

- Mahalagang makilala na wala tayong magagawa o mapagtatagumpayan kung hindi tumulong ang iba.
- Ang pagkilala ng mga gawaing dapat baguhin o ipagpatuloy ay nakatutulong sa pagpapabuti ng pagkatao. Ang kamalayan sa mga ito ang simula ng positibong pagtingin sa sarili at pagpapaunlad ng pakikipagkapuwa.

3. Ipagawa ang **Gawain 5: Paghahanap ng Ugat na Tanong.**

a. Sa kuwaderno, ipasulat sa bawat mag-aaral ang isang tanong na nakababagabag sa sarili. Halimbawa: Bakit kailangang mag-impok? Ito ang Paunang Problema. Gabay nila ang halimbawa sa ibaba:

| **Paunang Problema**: Masaya ako dahil nakakaipon ako mula sa aking allowance. | |
|---|---|
| Bakit masaya? | Dahil nagagawa kong magtipid kahit maliit lang ang perang baon ko |
| Bakit ako nagtitipid? | Dahil kailangan kong magtabi ng pera para sa iba kong pangangailangan |
| Bakit kailangang magtabi ng pera? | Upang hindi na ako hihingi kay Nanay ng pambili ng ibang gamit sa paaralan |
| Bakit hindi ka na hihingi ng pambili ng ibang gamit? | Upang matustusan ni Nanay at Tatay ang pangangailangan ni Bunso |
| Bakit kailangang tustusan ni Nanay at Tatay ang pangangailangan ni Bunso? | Dahil mahal namin ni Nanay at Tatay si Bunso |
| Bakit namin mahal si Bunso? | Dahil mahalaga sa amin ang kapakanan ng aming pamilya |
| Bakit mahalaga ang pamilya? | |

**Narito ang dapat lumabas sa talakayan pagkatapos ng gawain:**

a. Ang proseso ng tanong-sagot ay proseso ng paglilinaw ng esenya o ugat ng paksa. Nararating nang unti-unti ang *ano* sa likod ng lahat ng problema sa pamamagitan ng paghihimay at pagsusuri sa paunang problema, lumalim o lumaki man ito.

4. Ipagawa ang **Pagninilay.** Pasagutan ang mga tanong sa talahanayan sa ibaba upang lubusang mapalawak ang pagkaunawa ng mga mag-aaral sa aralin:

| Ano-ano ang mga konsepto at pag-unawa na pumukaw sa akin? | Ano ang aking reyalisasyon sa bawat konsepto at pag-unawang ito? | Ano-ano ang mga hakbang na aking gagawin upang mailapat ko ang mga pang-unawa at reyalisasyong ito sa aking buhay? |
|---|---|---|
| | | |

**Pagtatasa:**

Bumuo ng mga tanong na nakaangkla sa bawat layunin sa pampagkatuto.

**Mga Babasahin:**

Introduksiyon, ph. xv-xxi sa Quito, Emerita S. at Romualdo E. Abulad. *Ang Pilosopiya ng Tao*. Quezon City: Alemar=Phoenix Publishing House, Inc., 1980 (makukuha sa De La Salle University, Manila)

Roque Ferriols, S. J., Pambungad sa Metapi Quezon City sika. Quezon City: Office of Reserach and Publications, 1991. (makukuha sa Ateneo de Manila University, Manila)

Chapter 1: What is Philosophy?, pp. 1-17 in Calano, Mark Joseph, Marc Oliver Pasco and Marie Chris Ramoya. Philosophizing and Being Human (A Textbook for Senior High School). Quezon City: Sibs Publishing House, 2016

------------------------------------------------------------------

## ARALIN 2 – ANG MGA PAMAMARAAN NG PAMIMILOSOPIYA

| Pamantayang Pangnilalaman | Pamantayan sa Pagganap |
|---|---|
| Nakapagpapamalas ang mag-aaral ng pag-unawa sa mga pamamaraan ng pamimilosopiya. | Nakapagpapamalas ang mag-aaral ng kakayahan na mangilatis (discern) ng mga opinyon. |

**Mga Layunin sa Pampagkatuto**: Sa katapusan ng aralin, inaasahang maipamamalas ng mga mag-aaral ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

1. Nakikilala ang pagkakaiba ng katotohanan sa opinyon
   (Code: PPT11/12PP-Ic-2.1)

2 Nakapagsusuri ng isang karanasan na nakapagpapakita ng pagkakaiba ng katotohanan sa opinyon lamang
   (Code: PPT11/12PP-Id-2.2)

3. Nahihinuha na patungo sa katotohanan ang mga pamamaraan ng pamimilosopiya
   (Code: PPT11/12PP-Id-2.3)
4. Nakapagpapamalas ng kakayahan na mangilatis (discern) ng mga opinyon (Code: PPT11/12PP-Ie-2.4)

**Plano ng Pagtuturo-Pagkatuto:**

**A. Pagtuklas ng Dating Kaalaman**

1. Batiin ang mga mag-aaral.
2. Itanong: Batay sa iyong karanasan sa pagtatanong sa iba ng “Puwede bang magtanong?”, ano-ano ang mga sagot ang ibinigay sa iyo?
3. Ipabahagi ang kanilang pananaw sa tanong na ito.
4. Tanungin sila kung ano ang isasagot nila sa ganitong tanong.
5. Ipagawa ang **Gawain 1: Pinag-isipan ba ang Tanong?** Hikayatin ang klaseng punan ang matrix sa ibaba:

| | Hindi Pinag-isipang Tanong | MatinongTanong |
|---|---|---|
| Saan galing? | Buhat sa katamarang tumingin at mag-isip | Buhat sa pagtataka at pagkamangha |
| Ano ang hinahanap? | Isang mabilis na sagot | Isang sagot na nagpapadaloy ng talakayan at pag-uusap |
| Saloobin ng nagtatanong | Ibigay mo ang sagot | Ituro mo sa akin ang sagot upang Makita at pag-isipan ko |

6. Ipaliwanag ang tanong bilang panturo. Bigyang-diin:
   a. Ang pagtatanong ay pagpayag na maapektuhan ng meron.
   b. Itinuturo ng tanong na ito ang meron.
   c. Mahalaga ang pagdanas sa meron na nagpapamalas.
   d. Mahalaga ang saloobin ng nagtatanong.

**B. Paglinang ng Kaalaman, Kakayahan at Pag-unawa**

1. Ipagawa ang **Gawain 2: Ang Kantina sa Aking Pananaw**. Magpakuha ng litrato ang kantina kapag recess o oras ng pananghalian.
2. Ipakita sa klase ang litrato.
3. Itanong:
   a. Ano-ano ang karaniwan ninyong nakikita sa kantina sa ganitong oras?
   b. Ano-ano ang hindi ninyo napapansin o nahahagip ng inyong paningin?

Narito ang dapat lumabas sa gawain:

a. Marami tayong hindi napapansin kahit marami tayong nakikita sa isang sitwasyon.
b. Mahalaga ang pananahimik at pagmamalay sa mga nangyayari sa kapaligiran
c. Mahalaga ang katahimikan sa pagmamalay.

4. Ipagawa ang **Gawain 3: Pagmumuni sa Karanasan gamit ang Think-Pair-Share.** Magbahaginan ang dalawang mag-aaral tungkol sa sumusunod:
   a. Gunitain ang pagsumite mo ng takdang araling hindi pinag-isipang mabuti. Ilarawan ang pangyayari. Ano-anong alaala ang bumabalik sa iyo? Paano mo iiwasan ang ganitong pangyayari?
   b. Gunitain ang isang karanasan ng pagkamangha (wonder) – pakikinig sa isang awiting classical, pagbabasa ng isang napakalalim na aklat, pakikinig ng *lecture* ng hinahangaan mong guro, pakikinig sa huni ng ibon at pagtigil upang tingnan ang napakagandang tanawin. Ano-anong alaala ang bumabalik sa iyo? Saan nanggaling ang iyong pagkamangha? Ano-anong reyalisasyon ang nabuo sa iyong isip?

4. Talakayin ang mga argumentong ginagamit ng tao upang patotohanan ang isang opinyon (fallacies). Magbigay ng sariling halimbawa.

5. Ipagawa ang **Gawain 4: Ano ang Balita?** Mangangalap ang mga mag-aaral ng mga balita tungkol sa isang Isyu sa Internet, dyaryo, radio at telebisyon.
   a. Ipahambing ang bersiyon sa isyu ng iba't ibang tagapagpahayag
   b. Ipasuri kung paano nakukulayan ng mga pansala o paunang hatol ang kanilang bersiyon ng isyu.

**C. Pagpapalalim**

1. Talakayin ang Chapter 2 (What Are Some Methods of Philosophizing?) sa aklat nina Calano, Mark Joseph, Marc Oliver Pasco and Marie Chris Ramoya. Philosophizing and Being Human (A Textbook for Senior High School). Quezon City: Sibs Publishing House, 2016.
   a. Mga Pamamaraan ng Pamimilosopiya
   b. Mga Sangay (Branches) ng Pilosopiya (ph. 20 sa Calano, atbp., 2016).
   c. Ang Pilosopikong Pagmumuni (Philosophical Reflection), ph. 20 sa Calano, atbp., 2016.
2. Ipasagot:
   a. Anong katangian ang ipinagkaiba ng tao sa bagay? Bakit?
   b. Tao lamang ba ang maaaring magmuni? Pangatuwiranan.
   c. Bakit mahalaga ang pagmumuni sa karanasan? Magbigay ng halimbawa ng tao na natuto o umunlad ang sarili dahil sa pagmumuni. Ano-anong aral ang mapupulot mo sa kaniyang pagmumuni?
3. Ipagawa ang **Pagninilay.** Pasagutan ang mga tanong sa talahanayan sa ibaba upang lubusang mapalawak
ang pagkaunawa ng mga mag-aaral sa aralin:

| Ano-ano ang mga konsepto at pag-unawa na pumukaw sa akin? | Ano ang aking reyalisasyon sa bawat konsepto at pag-unawang ito? | Ano-ano ang mga hakbang na aking gagawin upang mailapat ko ang mga pang-unawa at reyalisasyong ito sa aking buhay? |
|---|---|---|
| | | |

**Pagtatasa:**

Bumuo ng mga tanong na nakaangkla sa bawat layunin sa pampagkatuto.

**Mga Babasahin:**


Chapter 1: What is Philosophy?, pp. 1-17 in Calano, Mark Joseph, Marc Oliver Pasco and Marie Chris Ramoya. Philosophizing and Being Human (A Textbook for Senior High School). Quezon City: Sibs Publishing House, 2016

Dy, Manuel B. Jr. “The Phenemological Method,” in Philosophy of Man: Selected Readings, 3rd ed., by Manuel B. Dy, Jr., Makati City: Katha Publishing Co., 2012, 54-58.

Roque Ferriols, S. J., Pambungad sa Metapi Quezon City sika. Quezon City: Office of Reserach and Publications, 1991. (makukuha sa Ateneo de Manila University, Manila)